Pamumuhay kay Cristo

NOTES

WARM-UP

- Sa paaralan, opisina, o tahanan, kaninong halimbawa ang sinusundan mo? Bakit siya ang napili mong sundan?
- Kailan huling nasubukan ang iyong pagka-matiyaga? Ano ang nangyari?
- Nahihirapan ka bang humingi ng tawad? Bakit oo o bakit hindi?

WORD

[12]Kaya bilang mga banal at minamahal na mga pinili ng Diyos, dapat kayong maging mapagmalasakit, maganda ang kalooban, mapagpakumbaba, mabait at mapagtiis. [13]Magpasensiyahan kayo sa isa't-isa at magpatawaran kayo kung may hinanakit kayo kaninuman, dahil pinatawad din kayo ng Panginoon. [14]At higit sa lahat, magmahalan kayo, dahil ito ang magdudulot ng tunay na pagkakaisa.

MGA TAGA-COLOSAS 3:12-14

Ang pag-alam sa kung sino ang Diyos at kung paano Niya tayo binago ay nakakapagpabago sa atin. Sa ating pagdanas ng Kanyang awa, pagmamahal, at biyaya, sinisimulan natin ang pamumuhay na hindi natin kailanman makakamit kung wala si Cristo. Tayo ay lumalago, nagiging mas katulad Niya, at nakapagbibigay karangalan sa Kanya sa pamamagitan ng ating paraan ng pamumuhay. Ang pagbabagong ito sa ating paraan ng pagkilos ay dala ng pasasalamat sa ating bagong katayuan at sa katapatan ng Diyos. Hindi ito sapilitan, panandalian, o dala lamang ng emosyon. Sa araling ito, ating titignan kung ano ang dapat nating tanggalin at iwasan, at kung ano ang dapat nating tanggapin at panghawakan.

1 Wakasan ang kasalanan.

[5]Kaya wakasan na ninyo ang anumang kamunduhang nasa inyo: ang sekswal na imoralidad, kalaswaan, pagnanasa, at kasakiman na katumbas na rin ng pagsamba sa mga diyos-diyosan. [6]Parurusahan ng Diyos ang mga taong gumagawa ng mga bagay na iyon. [7]Ganoon din ang pamumuhay ninyo noon. [8]Pero ngayon, dapat na ninyong itakwil ang lahat ng ito: galit, poot, sama ng loob, paninira sa kapwa, at mga bastos na pananalita. **MGA TAGA-COLOSAS 3:5-8**

Kay Cristo, tayo ay may kapangyarihang tumanggi sa kasalanan, na siyang dating umalipin sa atin. Kay Cristo, tayo ay binago at binigyan ng kakayahan na mamuhay nang maka-Diyos. Kay Cristo, maaari tayong gumawa ng mga radikal na hakbang upang talikuran ang kasalanan at ang anumang labag sa kalooban ng Diyos. Ayon sa Mga Taga-Colosas 3:5-10, ano ang dapat nating wakasan at itakwil?

2 Maging mapagmahal.

12Kaya bilang mga banal at minamahal na mga pinili ng Diyos, dapat kayong maging mapagmalasakit, maganda ang kalooban, mapagpakumbaba, mabait at mapagtiis. 13Magpasensiyahan kayo sa isa't-isa at magpatawaran kayo kung may hinanakit kayo kaninuman, dahil pinatawad din kayo ng Panginoon. 14At higit sa lahat, magmahalan kayo, dahil ito ang magdudulot ng tunay na pagkakaisa.

MGA TAGA-COLOSAS 3:12-14

Dahil sa kung sino tayo kay Cristo, at dahil sa Kanyang dakilang pagmamahal sa atin, magagawa nating ipakita at ibahagi ang pagmamahal na ito sa iba. Ang pagmamahal ay hindi batay sa emosyon o kalagayan, kundi isang desisyon na gawin ang tama at pagsilbihan ang iba. Ano ang dapat nating tanggapin? Bakit ito mahirap gawin o imposibleng gawin, kung wala ang pag-ibig, kakayahan, at kapangyarihan ng Diyos?

APPLICATION

- Ikaw ba ay isa nang bagong nilikha kay Cristo? Paano mo magagawang lumago sa iyong pagkaka-unawa sa bago mong pagkakakilanlan kay Cristo?
- Sa anong bahagi ng buhay mo kailangang alisin ang kasalanan? Ano ang gagawin mo dito ngayong linggo?
- Paano mo magagawang ipakita at patunayan ang pag-ibig ng Diyos sa ibang tao ngayong linggo? Ano sa mga katangian sa Mga Taga-Colosas 3:12-14 ang hindi pa malinaw sa buhay mo? Sa iyong palagay, paano ka lalago sa bahaging ito?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang dakilang awa, pagmamahal, at pagpapala sa iyong buhay. Namatay na ang dating ikaw, at ang bagong ikaw ay narito na!
- Gawin ang desisyon na talikuran ang lahat ng tinatawag ng Bibliya na kasalanan. Hingin sa Diyos na gawin kang katulad ni Cristo sa bawat araw. Ipanalangin na magawa mong ipakita ang pagkahabag, kabaitan, pagkamapagpakumbaba, katiyagaan, at pag-ibig na naranasan mo kay Cristo.
- Ipanalangin na ang buhay mo ay magliwanag sa pagmamahal. Hingin sa Diyos na tulungan kang magmahal gaya ng pagmamahal Niya sa iyo, kahit pa mahirap, masakit, o lagpas ito sa likas mong kakayahang magmahal.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph